

Hindi na bibilangin ng Medi-Cal ang iyong mga asset!

Minamahal na Aplikante ng Medi-Cal,

Mahalagang Balita! Ang isang bagong batas sa California ay ititigil ang pagbibilang ng mga asset tulad ng mga bank account, kotse, at pera upang maging kwalipikado para sa Medi-Cal simula **Enero 1, 2024**.

Ang kita at kita mula sa ari-arian tulad ng kita mula sa paupahang ari-arian, mga pagbabayad ng interes mula sa mga trust, at mga dividend mula sa mga stocks ay binibilang pa rin. Nalalapat din ang batas sa Medicare Savings Programs.

Kung nag-apply ka at tinanggihan para sa Medi-Cal o isang Medicare Savings Program dahil sa inyong mga asset noong Disyembre 2023, ang iyong lalawigan ay magpapasya kung kwalipikado ka para sa Medi-Cal sa 2024 sa ilalim ng bagong batas. Ipapadala nila sa iyo ang isang liham kasama ang kanilang desisyon sa Enero o Pebrero.

Kung nag-apply ka at tinanggihan para sa Medi-Cal o isang Medicare Savings Program dahil sa mga asset sa pagitan ng Hunyo 1 at Nobyembre 30, 2023, maaari kang mag-apply muli sa isa sa mga paraang ito simula Enero 1, 2024:

- **Online:** Mag-apply online sa pamamagitan ng website ng BenefitsCal sa <https://benefitscal.com/>.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** I-print at ipadala ang aplikasyon sa lokal na tanggapan ng iyong lalawigan. Hanapin ang address at numero ng telepono ng iyong lalawigan sa listahang kasama ng liham na ito. Maaari mo ring hilingin sa iyong lalawigan na magpadala sa iyo ng papel na aplikasyon.
- **Sa personal o sa pamamagitan ng telepono:** Pumunta sa o tumawag sa lokal na tanggapan ng iyong lalawigan. Maaari mong mahanap ang lokal na tanggapan ng iyong lalawigan sa <https://www.dhcs.ca.gov/COL>.

Mga tanong?

Kung mayroon kang mga katanungan o kailangan ng tulong, tawagan ang lokal na tanggapan ng iyong lalawigan. Para sa mga pangkalahatang tanong tungkol sa Medi-Cal, tumawag sa Medi-Cal Helpline sa **1-800-541-5555**.

Salamat,

Department of Health Care Services
Estado ng California